Republic of the Philippines
Province of Laguna
**Municipality of Cavinti**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*2ndFloor ABC Building, MH Del Pilar cor. Oflaria Streets, Brgy. Poblacion, Cavinti Laguna 4013*
*+6349-5234357 sbcavinti@gmail.com ; Official Facebook Page: SB Cavinti Laguna*

HALAW SA KATITIKAN NG IKA-4 NA PANGKARANIWANG PULONG NG IKA-12 NA SANGGUNIANG BAYAN (2025-2028) NG CAVINTI, LAGUNA, NA GINANAP NOONG IKA–28 NG HULYO 2025 SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN, GUSALING ABC, CAVINTI, LAGUNA.

MGA DUMALO: KGG. MILBERT L. OLIVEROS, PANG. PUNUMBAYAN / NANGULONG PINUNO

Kgg. Jose Mari L. Esguerra, SB Member
Kgg. Joseph P. Baltazar, SB Member;
Kgg. Dr. Jovenil T. Gordula, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Melandro B. Lope, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Manuel A. Dela Roca, SB Member/ABC-President; at
Kgg. Limron O. Sanchez, SB Member/SKF-President

HINDI DUMALO : “ W A L A “

## KAPASIYAHAN BLG. 012 – 2025

**KAHILINGAN SA KGG. BENJAMIN C. AGARAO, KINATAWAN NG IKA-4 NA DISTRITO NG LALAWIGAN, NA MAPAGKALOOBAN NG PONDO, UPANG ILAAN SA PAGPAPAGAWA NG MULTI-PURPOSE BASKETBALL COURT PARA SA BARANGAY TIBATIB, CAVINTI, LAGUNA**

**May akda: KGG. GLENN HAZE M. CABUHAT,** SB Member
*Chairman, Committee on Tourism,Culture and Arts*
*Chairman, Committee on Social Services, Women and Family*

**SAPAGKAT,** isa sa mga pangunahing layunin ng kasalukuyang administrasyon mabigyan ng maayos na pasilidad ang bawat barangay, upang maging kaaya-aya at maalwan sa bawat pagtitipon na isinasagawa sa mga barangay sakaling mayroong mga malakihang pagtitipon o selebrasyon;

**SAPAGKAT,** pinagtutuunan ng pansin ng kasalukuyang administrasyon ay ang maitaas ang industriyang pangturismo, pangkabuhayan at pampalakasan para sa mas mabilis na pagsulong at pag-unlad ng bayang ito;

**SAPAGKAT,** ang Barangay Tibatib, Cavinti, Laguna ay mayaman at nag aangkin ng likas na yamang tubig kung saan matatagpuan ang mga ilog at talon;

**SAPAGKAT,** ang nasaabing ay isa sa mga barangay na wala pang Multi-Purpose Basketball Court na isa sa mga pangunahing kailangan ng mamamayan at mga kabataan para sa mga malakihang pagtitipon, tulad ng asembliya at mga palarong pambarangay;

**DAHIL DITO,** pangmadlang kagalingan at kapakinabangan ng mga mamamayan sa Barangay Tibatib, Cavinti, Laguna, ang pinahahalagahan, sa

ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT DE LEON OLIVEROS
Vice Mayor

NITZSHELL TORRES-DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

RECEIVED
BY: Jonard B. Castill
DATE: 8-28-25 TIME: 10:22



OFFICE OF THE MUNICIPAL ADMINISTRATOR
Cavinti, Laguna
RECEIVED
BY: REGINE BASILLA
DATE: 08/28/25

mungkahi ni SB Glenn Haze M. Cabuhat na pinangalwahan at buong pagkakaisang

**IPINASIYA,** gaya nang ngayon ay ginagawang pagpapasiya ng mapitaganang HINIHILING sa KGG. BENJAMIN C. AGARAO, Kinatawan ng ika-4 na Distrito ng Lalawigan ng Laguna, na mapagkalooban ng sapat na pondo ang Pamahalaang Bayan ng Cavinti upang iukol sa pagpapagawa ng *Multi-Purpose Basketball Court* para sa Barangay Tibatib, Cavinti, Laguna para sa higit na kapakinabangan ng mga mamamayan ng barangay na ito.

**IPINASIYA PA RIN,** na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito si Kgg. Benjamin C. Agarao, kinatawan ng ika-4 na distrito ng Lalawigan ng Laguna, Sta. Cruz, Laguna para sa kanyang maagang kaalaman, at pagtugon sa kahilingang ito.

**PINAGTIBAY.**

**PINATUTUNAYAN KO** na ang kapasiyahang ito ay halaw sa katitikan ng ika-4 na Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna, na ginanap noong ika- 28 ng Hulyo 2025.

NITZSHELL TORRES – DELA TORRE
**Kalihim ng Sanggunian Bayan**

**MAY KINALAMAN:**

**KGG. MILBERT L. OLIVEROS**
**Pangalawang Punumbayan/Nangulong Pinuno**

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ARRANTLEE R. ARROYO**
**PUNUMBAYAN**